

Good Friday 2017

Ang mabuti sa Good Friday

Ngayon po, mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, ay Biyernes Santo. Subalit sa *English* ay *Good Friday*. Sa atin ay Santo. Ang salitang *good* sa tagalog ay mabuti. Maari rin itong isalin bilang tama. Ngayon ay maari natin itanong ano ang *mabuti* o kaya ano ang *tama* sa *Good Friday*.

Sa Biyernes Santo atin inaalala ang pagpapakasakit, pagpasan ng krus at kamatayan ni Jesus. Ano ang mabuti sa mga ito? Ang *Good Friday* ay mabuti sapagkat nakikita natin rito ang kabutihan ng Panginoong Diyos. Sa kabila ng pagkakasala ng ating mga unang magulang - sina Eba at Adan - ay na nangako pa rin ang Diyos ng kaligtasan. Kahit pa na ang tao ay nagtaksil sa Kanya, tumalikod at sumuway sa kanyang kautusan, ang Panginoong Diyos ay nagpahayag na magsusugo Siya ng isang Tagapagligtas. Ito po ang mabuti sa Panginoong Diyos.

Hindi nakalimot ang Diyos. Hindi nagpabaya ang Diyos. At Siya ay naging tapat sa Kanyang pangako. Isinugo Niya ang Kanyang bugtong na Anak na si Jesus. Kay buti ng Diyos Ama.

Ang ating Panginoong Jesus ay naging tapat din sa mithiin ng Diyos Ama. Kanya itong tinupad. Siya ay sumunod sa kagustuhan ng Ama na iligtas ang tao. At sa Kanyang pagpapakasakit, pagpasan at pagkapako sa krus na naganap ang kaligtasan ng sangkatauhan. Kay buti ng Diyos Ama na si Jesus.

Ang *Good Friday* ay *mabuti* sapagkat atin namalas at naranasan ang kabutihan ng Panginoong Diyos.

Ang Biyernes Santo ay nagsasalarawan ng **pagpapakasakit**, ng **krus** at **kamatayan**. Ito ang nangyari sa ating Panginoong Jesus. Siya ay nagpasan ng krus. At sa pagkapako Niya sa krus, si Jesus ay namatay. Ano po ngayon ang *good* o *mabuti* dito sa:

Pagpapakasakit
Krus at
Kamatayan

Una. Ang pagpapakasakit. Ano ang *good* sa pagpapakasakit? Totoo, na ang pagpapakasakit ay sakit at hirap. Totoo, na ang pagpapakasakit ay may kahalong pagdurusa o pagluha. Subalit sa isang taong nagpapakasakit dahil sa kanyang mahal sa buhay ay salamin ng kanyang pagmamalasakit. Sino man ang nagmamalasakit ay totoong umiibig. Hindi ba't ito po ang ipinahayag ni Jesus sa Kanyang wikain, "wala nang pagmamahal na hihigit pa sa pag-aalay ng sariling buhay alang-alang sa kaniyang kaibigan" (Juan 15, 13).

Ano ang *mabuti* sa pagpapakasakit? Sa pagpapakasakit, tayo ay nagpaparaya para sa ating kapwa. Tayo ay nagpapahalaga sa kanila. Hindi natin inuuna ang ating sarili. Hindi natin iniisip kung ang magaan, kung ano ang madali, o kung ano ang maginhawa sa atin. Isasantabi natin ang mga ito. At ating inaalala muna ang kapakanan at kaligtasan n gating kapwa. At ito ang *mabuti* sa pagpapakasakit na tayo ay makakatugon sa paanyaya ni Jesus na "*kung may gustong sumunod sa akin, itakwil ang kanyang sarili*" (Markos 8,34).

Ikalawa. ang Krus. Totoo na, ang krus noon ay parusa na ginagamit ng Imperyong Romano. Totoo na, noon ang krus ay instrumento ng karahasan at kamatayan. Ang krus noon ay larawan ng kahihyan. Ang krus ay mahalagang bahagi sa pagdiriwang ng *Good Friday*. Kaya nga sa pagdiriwang natin ngayon, ito ay tinatawag na *adoration of the cross*. Datapuwa't ano ang mabuti dito? *What is good in the cross* sa atin pagdiriwang ng *Good Friday*.

Ang krus ay hindi palamuti. Hindi ito dekorasyon sa ating dibdib. Hindi isang palawit lamang sa isang *necklace*. Ang krus ay kasangkapan ng ating kaligtasan. Iyan ang sinasabi natin at pinaniniwalaan na "*by your cross you have redeemed the world*." At ito ang mabuti sa krus, ang krus ay hindi na parusa bagkus pagpapala. Ang *good* dito sa krus ay ang krus ay dati-rati ay kahihyan ay sa ngayon ay kapatawaran. Ito ang mabuti sa krus, na noon ay kamatayan ngunit sa ngayon ay ating kaligtasan. Ang lahat ng ito ay dahil sa pagpasan, pagkapako at pagkamatay ni Jesus doon sa krus.

Kaya naman ang daan kay Jesus ay ang daan ng krus. Ang pagsunod kay Jesus ay pagtanggap at pagpasan ng krus gaya ng Kanyang sinabi "*kunin ang kanyang krus araw-araw para sumunod sa akin*" (Lukas 9,23).

Ito ngayon, mga kapatid, ang mabuti sa atin *Good Friday* na ito, na sa atin pagdiriwang ngayon ng pagpaparangal sa krus ay atin pagsamba kay Jesus. Sa atin paglapit sa krus ay atin din pagtanggap kay Jesus. At sa atin paghalik sa krus ay tanda ng atin pagmamahal at pananalig sa Kanya.

Mangyari pa, gawaran natin Siya ng halik ng pasasalamat na tayo ay buhay-malakas at malusog; may hanapbuhay na maayos at masagana. Ibigay natin ang atin halik ng pagtitiwala na tayo sa atin paglalakbay sa lupa ay Kanyang sasamahan upang ang lahat ng atin pasanin at pagsubok ay atin mapagtatagumpayan; ang lahat ng karamdaman at kagipitan sa buhay ay atin malalampasan. Gawin natin na ang atin halik sa krus ay may pagsissi sa atin nagawang pagkukulang at pagkakamali. At halikan natin si Jesus na may pagmamahal dahil tayo ay Kanyang patuloy na pinatatawad at palaging inililigtas.

At ito mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo ang mabuti o *good* sa Biyernes Santo.

Panghuli. Ang Kamatayan. Totoo na ang kamatayan ay nagdudulot ng kawalan at kalungkutan. Totoo na ang kamatayan ay pangungulila at pagluha. Mayroon naganap na kamatayan sa Biyernes Santo. Si Jesus ay nag-alay ng buhay doon sa krus. Si Jesus na napako sa krus ay namatay.

Subalit ipinangako ni Jesus na "*pagtatawanan nila siya, luluraan, hahagupitin at papatayin. Ngunit babangon siya sa ikatatlong araw*" (Markos 10,34).

Ito ang mabuti sa Biyernes Santo, ang kamatayan ni Jesus doon sa krus ay atin katubusan. Ang pag-aalay ng buhay ni Jesus ay ang atin kapatawaran. Tayo, dahil sa kamatayan ni Jesus ay nailigtas. Ito ang *good* sa *Good Friday* na ang kamatayan ni Jesus ay hindi magtatapos sa libingan. Si Jesus ay tunay nga na namatay ay muling mabubuhay. At Siya nga ay totoong muling nabuhay.

Ang kamatayan ay susi upang mabuksan para sa atin ang Langit. Ang kamatayan ay daan upang marating at makamit natin ang buhay na walang hanggan. Mangyari pa tulad ni Jesus ang buhay natin ay hindi magwawakas sa kamatayan. Tayo rin ay muling mabubuhay.

At ito ang mabuti o *good* sa Biyernes Santo.

Noong nakaraan Linggo, Abril 9 ipinadiwang dito sa atin ang Araw ng Kagitingan, na higit kilala bilang the *Fall of Bataan*. Nais kong tapusin ang atin pagninilay-nilay sa pamamagitan ng kuwentong ito. Panahon ng digmaan. Siya ay isang sundalo. Sila ay napalaban. Masidhi at mainit ang barilan. Habang nagpapalitan ng putukan, siya pa rin ay nanalangin, na siya ay patnubayan, huwag pabaya. Subalit ang sundalong ito ay natamaan. Malubha ang kanyang mga tama. At kaagad na siya ay inilikas mula sa labanan.

Doon sa pagamutan naging matindi ang kanyang pagdurusa dahil sa mga tama ng bala. Minsan siya ay nasisiraan na ng loob at nasisisi niya ang Diyos, "*Nasaan ka o Diyos sa oras ng aking paghihirap, ng ako ay nasa bingit ng kamatayan,*" ang palagian niyang tanong.

Matapos ang maraming buwan siya ay gumaling. At nagwakas na rin ang malupit na digmaan. Subalit nag-iwan sa kanyang katawan ng pekas at peklat na likha ng mga tama ng bala. Datapuwa't hindi na niya sinisisi ang Diyos sa mga nangyari sa kanya. Kapag siya ay tinatanong kung saan at paano niya nakuha ang mga pekas at peklat sa buong katawan, ang kanyang pahayag ay ganito "*ang mga ito ay mabuting paalala na ako pala ay iniligtas ng Diyos. Ako pa rin ay mahal Niya. Ito ay dahil hinayaan pa Niya na ako ay mabuhay.*"

Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, ang Biyernes Santo ay pagdiriwang at pag-alaala sa nangyaring pagpapakasakit, pagpasan ng krus at kamatayan ni Jesus. Ang mabuti sa ating Biyernes Santo, the *good* sa ating *Good Friday* ay mahal pa rin tayo ng Diyos. Tayo ay Kanyang iniligtas. At hinayaan pa rin Niya tayo na mabuhay, na makapiling Siya sa buhay na walang hanggan.

✠Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP ECM] chair